ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# MGA PANDAMDAMING SALIK SA PAGKATUTO NG WIKA AT TATAS SA PAGLINANG NG TALASALITAAN

**Quennie Rose N. Bandico[1], Rene P. Sultan, EdD, DPA[2]**
[1]*ORCID No. 0009-0004-8943-6683*
*Teacher I, Sulop National High School, Poblacion, Sulop, Davao del Sur*
[2]*Professor, Rizal Memorial Colleges, Inc. Lopez Jaena & F. Torres Streets, Poblacion District, Davao City, Davao del Sur*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra20067
**DOI No: 10.36713/epra20067**

## ABSTRAK

*Itinaguyod ang pag-aaral na ito upang matukoy ang makabuluhang ugnayan ng mga pandamdaming salik sa pagkatuto ng wika at tatas sa paglinang ng talasalitaan ng mga mag-aaral. Deskriptib-korelesyon ang disenyo ng pananaliksik na ginamit sa pag-aaral. Ang mga kalahok ay ang mga mag-aaral ng ikapitong baitang ng Mataas na Paaralang Pambansa ng Sulop, Sangay ng Davao del Sur Rehiyon XI para sa Taong Panuruan 2022-2023. Isang daan at labing-apat ang kabuoang kalahok ng pag-aaral na pinili sa paraang simple random sampling. Natukoy na mataas ang lawak ng mga pandamdaming salik sa pagkatuto ng wika at tatas sa paglinang ng talasalitaan. Natagpuang may makabuluhang ugnayan ang mga pandamdaming salik sa pagkatuto ng wika at tatas sa paglinang ng talasalitaan ng mga mag-aaral at ang mga pandamdaming salik sa pagkatuto ng wika na: pagpapahalaga sa sarili, sariling pagganyak at pagkabalisa ay may makabuluhang impluwensiya sa tatas sa paglinang ng talasalitaan ng mga mag-aaral. Sa pag-aaral na ito, napatitingkad ang teoryang constructivism ni Vygotsky (1978) na ang mga mag-aaral ay bumubuo ng bagong kaalaman, konsepto, at kasanayan sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa ibang kasapi ng kanilang kultura at kapaligiran. Inirerekomenda na magbalangkas ang mga opisyal ng Kagawaran ng Edukasyon ng mga polisiya at mga palatuntunang pang-kurikulum para sa paglinang ng mga pandamdaming salik sa pagkatuto ng wika at tatas sa paglinang ng talasalitaan.*

**MGA SUSING SALITA**: *Pandamdaming Salik sa Pagkatuto, Tatas sa Paglinang ng Talasalitaan*

## INTRODUKSYON

Ang kasanayan sa talasalitaan ay may mahalagang papel sa pag-unlad ng mga makrong kasanayan sa wika, kabilang ang pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat. Ito ay itinuturing na pundasyon ng literasi na may tuwirang epekto sa akademikong kahusayan at kakayahang makipagtalastasan sa iba't ibang larangan. Ang antas ng talasalitaan ng mga mag-aaral, lalo na sa kanilang mga unang taon sa pag-aaral, ay maaaring magkaroon ng malalim na implikasyon sa kanilang pangmatagalang pagkatuto at tagumpay sa mas mataas na antas ng edukasyon. Dahil dito, malaki ang pagpapahalaga ng mga paaralan at mga guro sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa aspektong ito.

Ayon kina Sinatra, Zygouris-Coe, at Dasinger (2011), ang talasalitaan ay isang mahalagang aspeto ng literasi na tumutukoy sa kaalaman sa mga salita, kabilang ang kanilang istruktura (morphology), gamit (grammar), kahulugan (semantics), at kaugnayan sa iba pang mga salita (semantic relationships). Natuklasan sa kanilang pag-aaral na maraming mag-aaral ang may kakulangan sa talasalitaan, na siyang nagiging hadlang sa kanilang kasanayan sa pagsasalita at pagsulat. Para sa mga nagsisimula pa lamang sa pag-aaral ng pangalawang wika, may malapit na kaugnayan ang kanilang pasalitang talasalitaan sa kanilang kasanayan sa pagbasa at pagsulat, na maaaring makaapekto sa kanilang pang-akademikong pagganap.

Sa konteksto ng Pilipinas, ipinakita nina Calub at Calub (2017) na maraming mag-aaral mula elementarya hanggang kolehiyo ang may kakulangan sa kinakailangang produktibong talasalitaan. Dahil dito, nagiging mahirap para sa kanila ang pagsulat at pagsasalita sa pormal na akademikong diskurso, pati na rin sa pampublikong komunikasyon. Ayon naman kay Swain (1985) na binanggit ni Bardakci (2016), ang lawak ng talasalitaan ng isang mag-aaral ay maaaring maapektuhan ng iba't ibang salik tulad ng bilang ng mga aklat na binabasa, interes sa pag-aaral ng wika, eksposyur sa target na wika, at oras na ginugugol sa pagbasa at pakikinig sa mga programang pang-edukasyon.

Sa mga kamakailang pag-aaral, napatunayan nina Bao at Liu (2021) na ang mga pandamdaming salik sa pagkatuto ng wika ay may mahalagang papel sa paglinang ng talasalitaan ng mga mag-aaral. Ang larangang ito ay patuloy na lumalawak upang ipakita ang ugnayan ng mga sikolohikal na salik at ang kanilang aplikasyon sa pedagogiya (Douglas, 2014). Kabilang sa mga pandamdaming salik ang pagpapahalaga sa sarili, pansariling pagganyak, pagkabalisa, personalidad, at saloobin ng mag-aaral. Dagdag pa rito, ipinakita nina Neumann at Forsyth (2005) na ang mga gawi ng guro sa komunikasyon, mga estratehiya sa pagtuturo ng talasalitaan, at kakayahan sa teknikal na pagsulat ay may mahalagang impluwensya sa paglinang ng kasanayan sa wika ng mga mag-aaral.

Ang mga nabanggit na suliranin ay namamalas din sa paaralang pinagtuturuan ng mananaliksik. Napansin sa iba't ibang klase sa Filipino na may kahinaan ang mga mag-aaral sa tatas ng talasalitaan, na makikita sa resulta ng mga pagsusulit at iba pang pagtataya. Bukod dito, pinaniniwalaan ng mananaliksik na ang mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng talasalitaan, gayundin ang mga pandamdaming salik tulad ng pagpapahalaga sa sarili, pansariling pagganyak, at antas ng pagkabalisa, ay maaaring may epekto sa kakayahan ng mga mag-aaral sa paglinang ng kanilang talasalitaan.

Dahil dito, layunin ng pag-aaral na ito na tukuyin ang ugnayan ng mga pandamdaming salik sa pagkatuto ng wika at ang kahusayan ng mga mag-aaral sa paglinang ng talasalitaan. Sa kabila ng mga naunang pananaliksik sa larangang ito, nananatiling mahalaga ang muling pagsusuri sa ugnayan ng mga salik na ito upang matukoy ang mga estratehiya at pedagogikal na lapit na maaaring makatulong sa pagpapahusay ng kasalukuyang sistema ng pagtuturo ng asignaturang Filipino sa batayang edukasyon. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, inaasahang maibibigay ang

mahahalagang datos na maaaring gamitin sa pagpapabuti ng pagtuturo ng wika at paglinang ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral.

**Paglalahad ng Suliranin**
Itinataguyod ng pag-aaral na ito upang matukoy ang makabuluhang ugnayan ng mga pandamdaming salik sa pagkatuto ng wika at tatas sa paglinang ng talasalitaan. Sa katiyakan, tinatangkang sagutin ng pag-aaral na ito ang sumusunod:

1. Ano ang lawak ng mga pandamdaming salik sa pagkatuto ng wika ayon sa:
   1.1. pagpapahalaga sa sarili;
   1.2. sariling pagganyak; at
   1.3. pagkabalisa?
2. Ano ang lawak ng tatas sa paglinang ng talasalitaan ng mga mag-aral ayon sa sumusunod:
   2.1. pag-uugnay ng mga tunog sa mga titik;
   2.2. pagkilala sa pagitan ng mga tunog ng titik;
   2.3. pagbibigay-kahulugan sa binabasa; at
   2.4. pagbuo ng mga bagong salita?
3. Mayroon bang makabuluhang ugnayan ang mga pandamdaming salik sa pagkatuto ng wika at tatas sa paglinang ng talasalitaan ng mga mag-aral?
4. Ano-anong mga pandamdaming salik sa pagkatuto ng wika ang may makabuluhang impluwensiya sa tatas ng paglinang ng talasalitaan ng mga mag-aral?

## PAMAMARAAN

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwantitatibo at deskriptib-korelesyon na disenyo upang suriin ang kaugnayan ng pandamdaming salik sa pagkatuto ng wika at tatas sa paglinang ng talasalitaan. Isinagawa ito sa mga mag-aaral ng ika-7 baitang ng Mataas na Paaralang Pambansa ng Sulop, Davao del Sur, gamit ang simple random sampling upang matiyak ang patas na pagpili ng mga kalahok.

Ginamit bilang instrumento ang talatanungan, na sumailalim sa balidasyon ng mga dalubhasa at isinailalim sa pilot testing upang matiyak ang *reliability*. Ang pangangalap ng datos ay dumaan sa proseso ng paghingi ng pahintulot, pagsasagawa ng surbey, at pagtalima sa mga pamantayang etikal, kabilang ang boluntaryong partisipasyon at proteksyon ng pagkakakilanlan ng mga kalahok.

Sa pagsusuri ng datos, ginamit ang mean upang masukat ang antas ng pandamdaming salik at tatas sa paglinang ng talasalitaan. Upang suriin ang kaugnayan ng mga baryabol, ginamit ang Pearson r, at upang matukoy ang impluwensiya ng mga pandamdaming salik sa pagkatuto ng wika, ginamit ang *Multiple Regression Analysis*.

## MGA RESULTA AT PAG TALAKAY

**Lawak ng Pandamdaming Salik sa Pagkatuto ng Wika** ***Pagpapahalaga sa Sarili***

***Talahanayan 1. Lawak ng Pandamdaming Salik sa Pagkatuto ng Wika Ayon sa Pagpapahalaga sa Sarili***

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Sinusuri ko ang aking kahinaan sa pag-aaral ng wika. | 3.81 | Mataas |
| 2. | Tinataya ko ang aking kalakasan sa pagtupad mga gawain sa pag-aaral ng wika. | 3.75 | Mataas |
| 3. | Pinagninilayan ko ang mga gawaing ukol sa aking pag-aaral ng wika. | 3.87 | Mataas |
| 4. | Sinisikap kong matupad ang mga gawaing pampag-aaral sa Filipino. | 2.57 | Mababa |
| 5. | Naniniwala ako na ang mga inaaral ko sa Filipino ay makabuluhan sa aking buhay. | 4.25 | Lalong Mataas |
| | **Kabuuan** | **3.65** | **Mataas** |

Ipinapakita ng resulta na madalas isinasagawa at namamasid ng mga mag-aaral ang pagpapahalaga sa sarili bilang pandamdaming salik sa pagkatuto ng wika. Gayunpaman, mababa ang mean sa pagsisikap na tapusin ang mga gawaing pampag-aaral sa Filipino, na nangangahulugang bihira itong gawin ng mga mag-aaral. Sa kabilang banda, halos palagi nilang nakikita ang halaga ng kanilang mga aralin sa Filipino sa kanilang buhay.

Ayon kay Konza (2005), ang pagpapahalaga sa sarili ay nalilinang sa pamamagitan ng pagninilay at pagtataya sa sariling kakayahan sa pagkatuto ng wika. Sinusuportahan din ito ni Brouse (2021), na nagsasabing ang pagpapahalaga sa sarili ay nauugnay sa pagninilay, pagsisikap, at pangangatuwiran sa iba't ibang konteksto ng pagkatuto. Sa pamamagitan ng mas malalim na pag-unawa sa prosesong ito, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng mas mataas na motibasyon upang tuparin ang kanilang mga gawaing pampag-aaral, dahil naniniwala silang may mahalagang papel ito sa kanilang buhay.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

***Sariling Pagganyak.***

***Talahanayan 2. Lawak ng Pandamdaming Salik sa Pagkatuto ng Wika Ayon sa Sariling Pagganyak***

| **Blg.** | **Mga Aytem** | **Mean** | **Palarawang Katumbas** |
|---|---|---|---|
| 1. | Ginagawa ko ang aking mga gawain sa Filipino upang makakuha ng mataas na marka. | 4.15 | Mataas |
| 2. | Inaaral ko ang Filipino dahil magagamit ko ito sa aking pag-aaral sa kolehiyo o sa pagnenegosyo. | 4.00 | Mataas |
| 3. | Nagbabasa at nag-aaral ako ng mga aralin sa Filipino upang malibang. | 3.15 | Katamtaman |
| 4. | Nagsasagawa ako ng sariling pagbasa at pag-aaral sa Filipino upang makakuha ng iskolarship sa kolehiyo. | 2.15 | Mababa |
| 5. | Naniniwala ako na ang mga ginagawa ko ngayon ay makabuluhan sa aking buhay. | 4.30 | Lalong Mataas |
| | **Kabuuan** | **3.55** | **Mataas** |

Ipinapakita ng resulta ng pag-aaral na may positibong antas ng sariling pagganyak ang mga kalahok, sapagkat madalas nilang isinasagawa, namamasid, at pinaniniwalaan ang mga probisyon ukol dito. Gayunpaman, bihira silang magbasa o mag-aral ng Filipino para sa libangan. Sa kabila nito, naniniwala silang ang kanilang kasalukuyang gawain ay may mahalagang papel sa kanilang buhay.

Ayon kay Ladson-Billings (2021), ang kakulangan ng motibasyon ay isang hamon sa pagkatuto ng wika, kaya't mahalagang magkaroon ng interbensiyon. Karaniwan, ang mga guro ay nagdidisenyo ng mga gawaing pampaganyak, kabilang ang pagbibigay ng mataas na marka bilang panlabas na insentibo. Ang pananaw na ang pag-aaral ng wika ay kapaki-pakinabang sa trabaho at negosyo ay maaari ring makatulong sa pagtaas ng motibasyon.

Pinagtitibay ito nina Lepper at Hodell (1989), na nagsasabing maaaring mapabuti ang pagganyak sa pag-aaral ng wika sa pamamagitan ng pagtatakda ng layunin, panonood ng pelikula, at pagbabasa ng makabuluhang babasahin. Samakatuwid, mahalaga ang patuloy na pagsasanay sa pagbasa upang mapalalim ang pagtuon at pagganyak sa pagkatuto ng wika.

***Pagkabalisa.***

***Talahanayan 3. Lawak ng Pandamdaming Salik sa Pagkatuto ng Wika Ayon sa Pagkabalisa***

| **Blg.** | **Mga Aytem** | **Mean** | **Palarawang Katumbas** |
|---|---|---|---|
| 1. | Natatakot ako sa pag-aaral ng pasasalita. | 4.00 | Mataas |
| 2. | Nababahala ako sa pagtupad ng mga takdang-aralin. | 3.90 | Mataas |
| 3. | Natatakot ako kung pinababasa o pinasasalita sa harap ng klase. | 3.50 | Mataas |
| 4. | Nababalisa ako kung nagbabasa ng mahabang teksto. | 3.90 | Mataas |
| 5. | Umaayaw ako sa paglahok sa mga dula at mga presentasyon sa klase. | 4.00 | Mataas |
| | **Kabuuan** | **3.86** | **Mataas** |

Ipinapakita ng resulta ng pag-aaral na ang mga aspeto ng pagkabalisa bilang pandamdaming salik sa pagkatuto ng wika ay madalas na namamasid at isinasagawa ng mga mag-aaral. Sinusuportahan ito ng pananaliksik ni Hashemi (2010), na nagsasabing ang mga nag-aaral ng wika ay kadalasang nakakaramdam ng pagkabalisa, pangamba, at kaba. Ang ganitong damdamin ay maaaring magmula sa sariling pananaw, kahirapan sa pagkatuto, pagkakaibang kultural, o takot na mawala ang sariling pagkakakilanlan.

Pinagtitibay rin ito ni Tanveer (2007), na binigyang-diin ang kahalagahan ng mga guro sa pagtugon sa pagkabalisa ng mga mag-aaral upang mapahusay ang kanilang pagganap sa target na wika. Dagdag pa rito, ayon kay Scovel (2002), maaaring lumitaw ang pagkabalisa sa iba't ibang panlipunan at kultural na konteksto ng pagkatuto. Samakatuwid, mahalaga ang papel ng mga guro sa pagbawas ng pagkabalisa at pagpapabuti ng karanasan sa pag-aaral ng wika.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

***Buod sa Datos ng Lawak ng Pandamdaming Salik sa Pagkatuto ng Wika***

***Talahanayan 4. Buod sa Datos ng Lawak ng Pandamdaming Salik sa Pagkatuto ng Wika***

| Blg. | Mga Indikeytor | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Pagpapahalaga sa Sarili | 3.65 | Mataas |
| 2. | Sariling Pagganyak | 3.55 | Mataas |
| 3. | Pagkabalisa | 3.86 | Mataas |
| | **Kabuuan** | **3.69** | **Mataas** |

Ipinapakita sa Talahanayan 4 na ang mga pandamdaming salik sa pagkatuto ng wika ay nasa mataas na antas, kung saan ang pagkabalisa ay may mean na 3.86, pagpapahalaga sa sarili ay 3.65, at sariling pagganyak ay 3.55. Ang pangkalahatang mean na 3.69 ay nagpapahiwatig na madalas na namamasid o isinasagawa ang mga salik na ito.

Ipinakikita rin ng datos na ang pinakamahinang aspeto ng mga kalahok ay ang sariling pagganyak. Sinusuportahan ito ni Krashen (1985), na nagsasabing ang mga salik tulad ng pagganyak, saloobin, pagkabalisa, at pagpapahalaga sa sarili ay maaaring makatulong o makahadlang sa pagkatuto ng wika, lalo na sa paglinang ng talasalitaan. Kung ang isang nag-aaral ng pangalawang wika ay may matibay na pagpapahalaga sa sarili, malinaw na layunin, at katamtamang antas ng pagkabalisa, mas nagiging epektibo ang kanilang pagkatuto.

***Lawak ng Tatas sa Paglinang ng Talasalitaan Pag-uugnay ng mga Tunog sa mga Titik***

***Talahanayan 5. Lawak ng Tatas sa Paglinang ng Talasalitaan Ayon sa Pag-uugnay ng mga Tunog sa mga Titik***

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Pinag-aaralan ko ang mga tunog ng wika. | 3.93 | Mataas |
| 2. | Isinasaulo ko ang mga titik ng alpabeto. | 4.00 | Mataas |
| 3. | Iniuugnay ko ang mga titik at mga larawan. | 4.00 | Mataas |
| 4. | Binibigkas ko nang malakas ang mga tunog ng mga titik. | 3.53 | Mataas |
| 5. | Naniniwala ako na mahalagang pag-aralan ang titik, tunog at mga larawan. | 4.00 | Mataas |
| | **Kabuuan** | **3.89** | **Mataas** |

Ipinapakita ng resulta na ang paglinang ng talasalitaan sa pamamagitan ng pag-uugnay ng tunog at titik ay lubhang kasiya-siya. Mataas ang lawak ng tatlong indikeytor: pagsasaulo ng titik ng alpabeto, pag-uugnay ng mga titik sa mga larawan, at paniniwalang mahalagang pag-aralan ang tunog at titik.

Pinagtitibay ito nina Griffith at Olson (2002), na nagsasabing ang kasanayang ito ay nagpapalawak ng talasalitaan sa pamamagitan ng pagbikas at pagsasaulo ng mga bagong salita. Ayon din kay Adams (2000), ang phonemic awareness at phonics ay mahalaga sa pag-unawa ng mga salita, na humahantong sa kahusayan sa pagbasa at pagkuha ng bagong kaalaman. Samakatuwid, ang pagtuturo ng tunog at titik ay isang mahalagang hakbang tungo sa matagumpay na pagkatuto ng talasalitaan at pagbasa.

***Pagkilala sa Pagitan ng mga Tunog ng Titik***

***Talahanayan 6. Lawak ng Tatas sa Paglinang ng Talasalitaan Ayon sa Pagkilala sa Pagitan ng mga Tunog ng Titik***

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Pinag-aaralan ko ang mga tunog at larawan ng salita. | 4.15 | Mataas |
| 2. | Binibigkas ko nang maayos ang mga tunog. | 4.00 | Mataas |
| 3. | Sinusuri ko ang mga tunog at larawan. | 4.10 | Mataas |
| 4. | Ginagamit ko sa mga pangungusap ang mga tunong nang paulit-ulit. | 4.00 | Mataas |
| 5. | Iniisa-isa ko ang mga tunog-patinig at mga tunog-katinig. | 4.00 | Mataas |
| | **Kabuuan** | **4.05** | **Mataas** |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Ipinapakita ng resulta na ang pagkilala sa pagitan ng mga tunog at titik ay lubhang kasiya-siya. Ayon kina Piasta at Wagner (2010), kailangang awtomatikong makilala at mapangalanan ng mga mag-aaral ang mga titik na kumakatawan sa tunog ng mga salita, na maaaring gawin sa pamamagitan ng pagsasanay sa tunog at larawan. Ang prosesong ito ay pundasyon sa pagbuo ng matatag na talasalitaan, mula sa pagkilala ng tunog-titik hanggang sa pagsasama ng mga ito upang makabuo ng mga salita at pangungusap.

Sinusuportahan din ito nina Richmond at Taylor (2014), na nagsasabing ang kakayahang itugma ang tunog at titik ay tumutulong sa pag-unawa sa mga salita at pagbabaybay. Mahalaga ang obserbasyon ng mga guro sa pagtatasa ng kaalaman ng mga mag-aaral sa tunog at titik, na nagsisilbing batayan sa epektibong pagtuturo ng literasi. Sa ganitong paraan, nagiging matibay ang pundasyon ng talasalitaan at kasanayan sa pagbasa.

***Pagbibigay-kahulugan sa Binabasa***

***Talahanayan 7. Lawak ng Tatas sa Paglinang ng Talasalitaan Ayon sa Pagbibigay-Kahulugan sa Binabasa***

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Inuunawa ko ang mga salitang bumubuo sa mga pangugusap. | 4.15 | Mataas |
| 2. | Inaalam ko ang kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng diskyunaryo. | 4.00 | Mataas |
| 3. | Inaalam ko ang kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng mga *context clue*. | 4.10 | Mataas |
| 4. | Ginagamit ko sa mga pangungusap ang bagong natutuhang mga salita. | 4.05 | Mataas |
| 5. | Ginagamit ko sa pasalita at pasulat na pakikipagtalastasan ang bagong natutuhang mga salita. | 4.00 | Mataas |
| | **Kabuuan** | **4.06** | **Mataas** |

Ang mga resulta ay nagpapakita na ang mga aytem na naglalarawan ng paglinang ng talasalitaan batay sa pagbibigay ng kahulugan sa binabasa ay lubos na kasiya-siya. Ang mga natuklasan ay sumusuporta sa sinabi ni Shanahan (2012) na ang pagbibigay-kahulugan sa binasa ay isang pangunahing kasanayan sa paglinang ng talasalitaan, na kinabibilangan ng pag-unawa sa mga salitang ginamit sa pangungusap. Kailangan nito ng kasanayan sa paggamit ng diksyunaryo at context clues. Ayon din sa mga eksperto tulad nina Shanahan et al. (2010), ang pagbuo ng kahulugan mula sa binasa ay nagpapayaman ng talasalitaan at nagpapalawak ng pag-unawa sa mga simbolo.

***Pagbuo ng mga Bagong Salita***

***Talahanayan 8 Lawak ng Tatas sa Paglinang ng Talasalitaan Ayon sa Pagbuo ng mga Bagong Salita***

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Inaaral ko ang mga panlaping bumubuo sa mga salita. | 4.10 | Mataas |
| 2. | Hinahati ko ang mga yunit ng salita. | 4.10 | Mataas |
| 3. | Bumubuo ako ng mga bagong salita mula sa isang mahabang salita. | 4.00 | Mataas |
| 4. | Inihahambing ko ang mga kahulugan ng mga bagong natutuhang salita. | 4.05 | Mataas |
| 5. | Ginagamit ko sa mga pangungusap ang mga nabuong salita. | 4.00 | Mataas |
| | **Kabuuan** | **4.05** | **Mataas** |

Ang mga resulta ay nagpapakita na ang mga aytem na naglalarawan ng paglinang ng talasalitaan batay sa pagbuo ng mga bagong salita ay lubhang Kaaya-aya. Ayon kay Procter (2023), ang pagbuo ng mga bagong salita ay bahagi ng aktibong talasalitaan, at mahalagang gamitin ang mga ito sa akademikong diskurso upang mapanatili at maging bahagi ng talasalitaan. Makakatulong sa prosesong ito ang pagtatago ng talaan ng mga inaaral na salita, pati na rin ang pagsusuri ng mga panlapi, salitang-ugat, at mga ponema. Pinatitibay din ng pahayag ni Starkie (2023) na ang regular na pagbabasa ng iba't ibang teksto ay susi sa pagpapabuti ng talasalitaan at pagkuha ng mga bagong salita. Ang pagbabasa ng mga akda ng panitikan ay nakakatulong sa pagpapalawak ng isipan at pagpapalago ng talasalitaan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

***Buod sa mga Datos ng Tatas sa Paglinang ng Talasalitaan***

***Talahanayan 9. Buod sa mga Datos ng Tatas sa Paglinang ng Talasalitaan***

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Pag-uugnay ng mga Tunog at Titik | 3.89 | Mataas |
| 2. | Pagkilala sa Pagitan ng mga Tunog at Titik | 4.05 | Mataas |
| 3. | Pagbibigay Kahulugan sa mga Binabasa | 4.06 | Mataas |
| 4. | Pagbuo ng mga Bagong Salita | 4.05 | Mataas |
| | **Kabuuan** | **4.01** | **Mataas** |

Nailalahad sa Talahanayan 9 ang datos sa tatas ng paglinang ng talasalitaan. Ang apat na indikasyon—pag-uugnay ng tunog at titik (3.89), pagkilala sa tunog at titik (4.05), pagbibigay kahulugan sa binabasa (4.06), at pagbuo ng bagong salita (4.05)—ay nagtamo ng pangkalahatang mean rating na 4.01, na nagpapakita ng mataas na antas ng kasiyahan ng mga mag-aaral.

Ang mga natuklasan ay sumusuporta sa panitikan ni Nation (2001) na nagsasabing ang kaalaman sa talasalitaan ay isang patuloy na proseso. Mahalaga ang mga aspeto tulad ng pagpapahalaga sa sarili at pagganyak sa pag-aangkin ng kaalaman. Ayon kay Nation, ang paglinang ng talasalitaan ay isang multidimensional na proseso, na naaayon sa estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

***Makabuluhang Ugnayan ng mga Pandamdaming Salik sa Pagkatuto ng Wika at Tatas sa Paglinang ng Talasalitaan***

***Talahanayan 10. Datos ng Makabuluhang Ugnayan ng mga Pandamdaming Salik sa Pagkatuto ng Wika at Tatas sa Paglinang ng Talasalitaan***

| Mga Baryabol | r-value | Antas ng Korelasyon | *p*-value | Pasya sa Ho |
|---|---|---|---|---|
| **(X)** *Mga Pandamdaming Salik sa Pagkatuto ng Wika* **(Y)** *Tatas sa Paglinang ng Talasalitaan* | 0.880$_{MK}$ | Mataas na Korelasyon | 0.00 | Tinanggihan |

***MK****- Makabuluhan sa 0.05 Antas ng Kahalagahan*

Nailalahad sa Talahanayan Bilang 10 ang makabuluhang ugnayan ng mga pandamdaming salik sa pagkatuto ng wika at tatas sa paglinang ng talasalitaan. Lumabas ang r-value na 0.880, na nagpapakita ng mataas na ugnayan at malakas na korelasyon. Ang p-value na 0.00 ay mas mababa kaysa sa 0.05, kaya't tinanggihan ang null hypothesis na nagsasabing walang ugnayan, at pumanig sa alternative hypothesis na may makabuluhang ugnayan ang mga pandamdaming salik sa pagkatuto ng wika at tatas sa paglinang ng talasalitaan.

Ang natuklasan ay sumusuporta sa panitikan ni Nation (2001), na nagsasabing ang pagpapahalaga sa sarili, pagganyak, at pagkabalisa ay may kinalaman sa pag-aangkin ng kaalaman sa talasalitaan. Ang mga tuntunin ng anyo at kahulugan ng salita ay mahalaga sa pagpapalawak ng talasalitaan. Ayon din sa teorya ni Vygotsky (1978), ang pakikisalamuha sa kapwa ay tumutulong sa mag-aaral na makabuo ng bagong kaalaman at kasanayan, at ang talasalitaan ay nagbibigay ng direksyon sa kanilang proseso ng pag-iisip at pagtuklas ng bagong kaalaman.

***Mga Pandamdaming Salik sa Pagkatuto ng Wika na may Makabuluhang Impluwensiya sa Tatas sa Paglinang ng Talasalitaan***

***Talahanayan 11. Mga Pandamdaming Salik sa Pagkatuto ng Wika na may Makabuluhang Impluwensiya sa Tatas sa Paglinang ng Talasalitaan***

| Indicators | Unstandardized Coefficients B | Unstandardized Coefficients Std. Error | Standardized Coefficients Beta | t-ratio | Sig |
|---|---|---|---|---|---|
| *Constant* | $\beta_0$ | 3.37 | 0.44 | 21.00 | 0.01 |
| Pagpapahalaga sa Sarili | $\beta_1$ | 0.56 | 0.94 | 29.09 | 0.02 |
| Sariling Pagganyak Sarili | $\beta_2$ | 0.58 | 0.47 | 6.20 | 0.01 |
| Pagkabalisa | $\beta_3$ | 0.23 | 0.68 | 12.05 | 0.01 |

Nailalahad sa Talahanayan 11 ang mga datos ukol sa mga pandamdaming salik sa pagkatuto ng wika na may makabuluhang impluwensiya sa tatas ng paglinang ng talasalitaan. Ipinapakita ng mga datos na ang mga domeyn ng pandamdaming salik—pagpapahalaga sa sarili, sariling pagganyak, at pagkabalisa—ay may makabuluhang impluwensiya sa paglinang ng talasalitaan, na may mga antas ng kahalagahan na mababa sa 0.05 (sig. value < 0.05). Ang null hypothesis na nagsasabing walang makabuluhang impluwensiya ng mga pandamdaming salik ay tinanggihan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Sumusuporta sa natuklasan ang teoryang constructivism ni Vygotsky (1978), na nagsasabing ang mag-aaral ay bumubuo ng bagong kaalaman sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa kanilang kapaligiran. Ang kultural na pakikipag-ugnayan ay tumutulong sa mag-aaral upang matutunan ang mga simbolong salita at magamit ito sa kanilang proseso ng pag-iisip at paglikha. Gayundin, napatunayan ang pahayag ni Yee (2022) na ang pandamdaming salik ay kasinghalaga ng kakayahang matuto ng wika. Ang mga guro ay maaaring magtulungan upang mabawasan ang mga negatibong salik at bumuo ng positibong grupong dinamiko para sa matagumpay na pagkatuto ng wika.

## KONKLUSYON

Batay sa mga natuklasan, napatunayan na mataas ang lawak ng mga pandamdaming salik sa pagkatuto ng wika at tatas sa paglinang ng talasalitaan ng mga mag-aaral. Ang mga pandamdaming salik, tulad ng pagpapahalaga sa sarili, pagganyak, at pagkabalisa, ay may makabuluhang impluwensiya sa paglinang ng talasalitaan. Ipinakita rin ng pag-aaral na may makabuluhang ugnayan ang mga salik na ito sa tatas sa paglinang ng talasalitaan, kaya tinanggihan ang null hypothesis. Ang teoryang constructivism ni Vygotsky (1978) ay napatunayan ding ang pakikisalamuha ng mag-aaral sa kanilang kapaligiran ay nakatutulong sa pagbuo ng bagong kaalaman at kasanayan.

## REKOMENDASYON

Batay sa mga konklusyon, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay inihahain:

Maaaring magbalangkas ang Kagawaran ng Edukasyon ng mga polisiya at kurikulum na magpapalakas sa mga pandamdaming salik sa pagkatuto ng wika at talasalitaan. Gayundin, maaaring magsagawa ng mga pagsasanay para sa mga guro upang matugunan ang mga pangangailangan sa mga salik na ito.

Ang mga punong-guro ay maaaring maglunsad ng mga school-based na pagsasanay na tumutok sa pandamdaming salik sa pagkatuto ng wika at talasalitaan. Sa mga guro, iminumungkahi na isama ito sa INSET o LAC session at magtulungan sa pagpapabuti ng mga kagamitang pampagtuturo at mga pananaliksik.

Maaaring magsagawa ng karagdagang pag-aaral ukol sa mga pandamdaming salik sa iba pang mga antas ng edukasyon, tulad ng senior high school o kolehiyo, upang mapalalim pa ang kinalabasan ng kasalukuyang pag-aaral.

## TALAAN NG MGA SANGGUNIAN

1. *Adams, M.J. (2000). Beginning to read: Thinking and learning about print.Cambridge, MA: Bolt, Beranek, and Newman, Inc.*
2. *Bao, Y., & Liu, S. (2021). The Influence of Affective Factors in Second Language Acquisition on Foreign Language Teaching. Open Journal of Social Sciences 09(03):463-470.*
3. *Bardakci, M. (2016). Breadth and depth of vocabulary knowledge and their effects on L2 vocabulary profiles. The Canadian Center of Science and Education.*
4. *Brouse, K. (2021). Understanding the affective domain of learning. Graduate Program Journal. Nakuha: Enero 2023 mula sa https://www.graduateprogram.org/2021/05/understanding-the-affective-domain-of-learning/ .*
5. *Calub, C. & Calub, F. (2017). Breadth of Productive Vocabulary Knowledge of Pre-Service Teachers: Basis for the proposed intervention Strategies in Vocabulary Enhancement. Volume 3 Issue 1 IAFOR Journal of Language Learning.*
6. *Douglas, F. (2014). Content area vocabulary learning. International Literacy Association.*
7. *Griffith, Priscilla L. & Olson, Mary W. (2002). "Phonemic Awareness Helps Beginning Readers Break the Code." Reading Teacher, 45(7), 516-523.*
8. *Hashemi, M. (2010). An investigation of the factors that cause anxiety among the English students of Islamic Azad University of Hamadan in learning speaking skills and its influence on communication ability in the target language: Solutions and recommendations, Unpublished Research Project Islamic Azad University, Toyserkan Branch, Iran.*
9. *Konza, D. (2005). Behaviourist approaches to learning. In W. Vialle, P. Lysaght, & I. Verenikina (Eds.), Psychology for educators (pp. 3-20): Thomson/Social Science Press.*
10. *Krashen, S. (1985). The input hypothesis: Issues and implications. New York: Longman.*
11. *Ladson-Billings, G. (2021). Three decades of culturally relevant, responsive, & sustaining pedagogy: What lies ahead? The Educational Forum, 85(4), 351-354. doi:10.1080/00131725.2021.1957632.*
12. *Lepper, M.R., & Hodell, M. (1989). Intrinsic motivation in the classroom. In C. Ames & R. Ames (Eds.), Research on motivation in education (pp. 73-105). Academic Press.*
13. *Nation, I. S. P. (2001). Learning vocabulary in another language. Cambridge University Press.*
14. *Neumann, J. & Forsyth, D. (2005). Teaching in the affective domain for institutional values. National Library of Medicine.*
15. *Piasta, S., & Wagner, R. (2010). Developing Early Literacy Skills: A Meta-Analysis of Alphabet Learning and Instruction.*
16. *Procter, M. (2023). A system for dealing with new words while reading. University of Toronto.*
17. *Richmond, J. E. & Taylor (2014). Visual recognition difficulties: Identifying primary school learners' directional confusion in writing letters and numbers. South African Journal of Occupational Therapy, 44(3). Nakuha; Enero 2023 mula sa http://www.scielo.org.za/pdf/sajot/v44n3/03.pd*
18. *Scovel, T. (2002). The Effect of affective domain on foreign language learning: A Review of the Anxiety Research. Prentice Hall, Englewood Cliffs, NJ*
19. *Shanahan, C. (2012). How disciplinary experts read. In T. L. Jetton & C. Shanahan (Eds.), Adolescent literacy in the academic disciplines: General principles and practical strategies (pp. 69–90). The Guilford Press.*
20. *Shanahan, T., Callison, K., Carriere, C., Duke, N. K., Pearson, P. D., Schatschneider, C., & Torgesen, J. (2010). Improving Reading Comprehension in Kindergarten through 3rd Grade: IES Practice Guide, NCEE 2010-4038. Washington DC: National Center for Education Evaluation and Regional Assistance, Institute of Education Sciences, US Department of Education.*
21. *Sinatra, R, Zygouris-Coe, V at Dasinger, S. (2011). Preventing a vocabulary lag: What lessons are learned from research, Reading & Writing Quarterly, 28(4), pp. 333-334.*
22. *Starkie, J. (2023). Easy steps to improve your vocabulary through reading. Bedrock Learning.*
23. *Swain, M. (1985). Communicative competence: Some roles of comprehensible input and output in its development. In S. Gass & C. Madden (Eds.) Input in Second Language Acquisition (pp. 235–253). Rowley, MA: Newbury House.*
24. *Tanveer, M. (2007). Investigation of the factors that cause language anxiety for ESL/EFL learners in learning speaking skills and the influence it casts on communication in the target language'. Unpublished Thesis, Faculty of Education, University of Glasgow.*
25. *Vygotsky, L. S. (1978). Mind in society: The development of higher psychological processes. Harvard University Press.*
26. *Yee, S. (2022). Affective factors. Nakuha: Enero 31, 2023 mula sa https://www.teachingenglish.org.uk/professional-development/teachers/knowing-subject/c/affective-factors*